

Glossary ng mga Termino

Allele

Isa sa iba't ibang uri ng isang partikular na gene. Ang mga gene ay mga nagsasabi sa katawan kung paano gawin ang lahat ng iba't ibang protina na kailangan ng katawan upang gumana nang wasto. Ang mga allele ay bahagi ng mga pananda ng HLA na ginagamit upang pagtugmain ang mga pasyente at donor.

Allogenic transplant

Isang uri ng transplant kung saan tumatanggap ang pasyente ng malulusog na selyula na bumubuo ng dugo. Maaaring magmula ang malulusog na selyula sa isang miyembro ng pamilya, donor na hindi kamag-anak o unit ng dugo mula sa umbilical cord.

Apheresis

Isang proseso upang kumolekta ng mga selyula na bumubuo ng dugo mula sa daluyan ng iyong dugo bago ang autologous transplant. Ginagamit din ang apheresis upang kumolekta ng mga selyula na bumubuo ng dugo mula sa boluntaryong donor upang gamitin para sa isang allogenic transplant.

Autologous transplant

Isang uri ng transplant kung saan ang sariling mga selyula ng pasyente na bumubuo ng dugo ay kinokolekta, iniimbak at ibinabalik pagkatapos ng chemotherapy o radiation.

Bone marrow

Ang malambot at parang sponge na tissue sa loob ng mga buto.

Central Venous Catheter

Isang mahaba at manipis na tubong inilalagay sa malaking ugat sa dibdib o sa leeg. Ginagamit ito upang magbigay ng mga gamot, likido at dugo. Tinatawag din itong central na linya.

Chemotherapy

Mga gamot na sumisira sa mga selyula ng cancer o pumipigil sa paglaki ng mga ito.

Disease-Free Survival (DFS)

Ang bilang ng mga pasyenteng buhay sa ilang partikular na oras pagkatapos ng paggamot nang walang anumang senyales ng sakit.

Donor

Isang tao na boluntaryong magbibigay ng mga selyula na bumubuo ng dugo mula sa kanilang bone marrow o peripheral (dumadaloy) blood. Ang donor ay maaaring miyembro ng pamilya o donor na hindi kamag-anak.

Dugo mula sa Cord

Ang dugong nakolekta mula sa umbilical cord at placenta pagkatapos ipanganak ang isang sanggol.

Engraftment

Kapag nagsisimula nang dumami ang mga selyula na bumubuo ng dugo at gumawa ng malulusog na selyula ng dugo na makikita sa iyong dugo.

Graft-versus-Host Disease (GVHD)

Isang karaniwang side effect ng allogenic transplant. Nangyayari ito dahil sa mga pagkakaiba ng sarili mong mga selyula (host) at ng mga selyula mula sa iyong donor (graft). Maaaring makita ng bago mong immune system, o ng mga na-donate na selyula, ang iyong mga selyula bilang foreign at maaaring atakihin ang mga ito.

- MALALANG GRAFT-VERSUS-HOST DISEASE
Kadalasang nangyayari sa unang 100 araw o higit pa pagkatapos ng transplant ngunit maaari ding mangyari sa ibang pagkakataon pa. Pinakanaapektuhan nito ang balat, tiyan, mga bituka at atay.
- PABALIK-BALIK NA GRAFT-VERSUS-HOST DISEASE
Kadalasang nangyayari 3-6 na buwan pagkatapos ng transplant, ngunit ang mga senyales ay maaaring lumabas nang mas maaga o mas matagal. Maaaring kasama sa maapektuhan ng mga sintomas ng hindi gumagaling na GVHD ang balat, mga kasu- kasuan, bibig at iba pang mga organ.

Haploidentical transplant

Isang uri ng transplant kung saan ang iyong donor ay isang miyembro ng pamilya na tumutugma sa kalahati ng iyong mga pananda ng HLA. Tinatawag din itong transplant mula sa kamag-anak na kalahating-tugma o bahagyang tumugma.

Harvest

Isang paraan ng pagkolekta sa mga selyula na bumubuo ng dugo mula sa bone marrow bago ang autologous transplant. Paraan din ito upang kumolekta ng mga selyula na bumubuo ng dugo mula sa boluntaryong donor upang gamitin para sa allogenic transplant. Tinatawag din itong bone marrow harvest.

HLA (Human Leukocyte Antigen)

Isang protina, o pananda, na nakikita sa karamihan ng mga selyula sa iyong katawan. May ilang partikular na pananda ng HLA na tinitingnan ang iyong doktor para sa transplant. Nakukuha mo ang kalahati ng iyong mga pananda mula sa iyong nanay at ang kalahati ay mula sa iyong tatay.

Immune system

Ang mga bahagi ng iyong katawan (mga selyula ng dugo at organ) na lumalaban sa mga impeksyon.

Ipinabatid na pahintulot

Kapag binigyan ka ng impormasyon kasama ang mga posibleng panganib at benepisyo bago sumang-ayon sa paggamot o klinikal na pagsubok.

Klinikal na Pagsubok

Isang paraan upang kumuha ng impormasyon tungkol sa kung gaano kabisa ang isang partikular na paggamot, pagsubok o pamamaraan sa sakit at kung anu-ano ang maaaring mga side effect.

Marrow o Cord Blood Transplant

Isang proseso upang palitan ng malusog na bone marrow ang hindi malusog na bone marrow. Tinatawag din itong bone marrow transplant, stem cell transplant o BMT.

Mga Peripheral Blood Stem Cell

Mga selyula na bumubuo ng dugo mula sa dumadaloy na dugo (daluyan ng dugo).

Mga Pinagmumulan ng Selyula

Ang 3 lugar kung saan nakikita ang mga selyula na bumubuo ng dugo:

- Bone marrow
- Peripheral blood (dumadaloy na dugo o daluyan ng dugo)
- Dugo mula sa umbilical cord

Mga Platelet

Mga bahagi ng dugo na tumutulong sa pamumuo ng dugo.

Mga Pulang Selyula ng Dugo

Dugo na nagdadala ng oxygen sa buong katawan.

Mga Puting Selgula ng Dugo

Mga selyula ng dugo na lumalaban sa mga impeksyon.

Mga Selyula na Bumubuo ng Dugo

Mga selyula na nagiging mga pulang selyula ng dugo, puting selyula ng dugo o platelet. Tinatawag ding mga stem cell ng dugo.

Paghahandang regimen

Ang proseso ng paghahanda sa iyong katawan upang tanggapin ang mga bagong selyula na bumubuo ng dugo. Tinatawag ding pangkundisyon na regimen.

Pagkabigo ng graft

Nangyayari kapag ang mga na-donate na bagong selyula ay hindi gumagawa ng mga puting selyula ng dugo, pulang selyula ng dugo at platelet na kailangan mo.

Pormal na paghahanap

Isang detalyadong paghahanap ng Ikaw ang Katugma na Talaan (NMDP Registry®). Ipinapakita ng paghahanap na ito kung talagang ang potensyal na donor o unit ng dugo mula sa cord ang tunay na pinakamabuting tugma para sa iyo. Hindi libre ang paghahanap na ito. Maaaring bayaran o hindi bayaran ng iyong insurance ang mga gastusing ito.

Reduced-intensity transplant

Paghahandang regimen na gumagamit ng mas mabababang dosis ng chemotherapy nang mayroon o nang walang radiation.

Unang Paghahanap

Isang libreng paghahanap ng Ikaw ang Katugma na Talaan. Nagpapakita ang paghahanap na ito ng mga potensyal na donor at unit ng dugo mula sa cord sa talaan na maaaring tumugma sa mga pananda ng iyong HLA.



Sa bawat hakbang, narito kami upang tumulong

Ang NMDP® ay may nakalaang pangkat upang magbigay sa iyo ng impormasyon at suporta bago, habang isinasagawa, at matapos ang pag-transplant. Maaari kang makipag-ugnayan sa aming Patient Support Center upang magtanong tungkol sa transplant, humingi ng suporta mula sa mga propesyonal o peer, o makatanggap ng libreng materyales na nagbibigay ng edukasyon sa pasyente.

Tumawag sa: 1 (888) 999-6743 | Mag-email sa: patientinfo@nmdp.org | Web: nmdp.org/one-on-one



Natatangi ang medikal na sitwasyon, karanasan sa transplant, at pagpapagaling ng bawat indibidwal. Palagi ka dapat kumonsulta sa sarili mong pangkat sa pag-transplant o doktor ng pamilya tungkol sa iyong sitwasyon. Ang impormasyong ito ay hindi nilayong pumalit, at hindi dapat pumalit, sa medikal na pasya o payo ng isang doktor.